UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES
South Luzon Jurisdictional Area
NORTHEAST SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE
9 Kanluran Road, Los Baños, Laguna 4031

CHRISTIAN EDUCATION & NURTURE

ADVENT MATERIAL 2017

"Spirituality of Advent"

UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES

South Luzon Jurisdictional Area

NORTHEAST SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE

9 Kanluran Road, Los Baños, Laguna 4031

REV. VICTOR L. PALLER
Conference Minister

REV. CEASAR Q. ESPINELI
Deputy Conference Minister

MR. REUBEN SAQUILAYAN
Conference Chairperson

ATTY. BILLY FORTES
Conference Vice Chairperson

MS. JANETH R. PAZ
Conference Secretary

MRS. EMILENDA C. DAVID
Conference Financial Secretary

MRS. YOLANDA S. PEDRIÑA
Conference Treasurer

MRS. MARIVIC A. POBLETE
Conference Auditor

REV. NEHEMIAS MILLARES
Representative to the National Council

Ordained Ministers
REV. SHIELAH C. LUCIANO
REV. JOHN ANGELO GUERRERO

Unordained Church Workers
PASTOR VIRGILIO TURGO
PASTOR JEFFREY RIVERA
PASTOR JONNA M. BORJE

Lay Persons
MRS. FILOMENA PORTALES
MR. NOLAN GLODOVIZA
MS. HANNIE LEE MARAAN

MS. JONNA MAE BECHAYDA
CYF President

MRS. CECIL GUERRERO
CYAF Coordinator

MR. RODELIO DIACOS
UCM President

MRS. JUDITH FORTES
CWA President

MRS. CELIA DIZON
CSCA President

REV. MARTHA M. FALLER
UCWO President

REV. MIDO HERNANDEZ
KOINONIA President

BISHOP JOEL E. TENDERO
Bishop Assigned to SLJA

BISHOP REUEL NORMAN O. MARIGZA
UCCP General Secretary

Sa pamayanan ng UCCP NESTCON,

Magalak na Pagbati ng Pag-asa!

Muling sasapit ang panahon ng pagdiriwang sa pagdatal ng Mesiyas na nagdadala ng kapayapaan. Sa gitna ng kadilimang dulot ng kasalanan, kasakiman, karahasan at laganap na kahirapan ay namanaag ang liwanag nang isilang si Hesus. Dahil sa Kanya, kaya tayo nagdiriwang, at dahil sa Kanya, kaya maaari tayong magdiwang sa gitna ng mga hamon na kinakaharap bilang indibidwal, pamilya, pamayanan at bansa. Dahil dito'y binabati ko ang bawat isa ng isang makabuluhang pagdiriwang ng Pagdatal sa sanlibutan ng Tagapagligtas bunga ng walang hanggang pag-ibig ng Diyos.

Ipinaaalala po ng tema ng pagdiriwang ng Pagdatal 2017 na **"Spirituality of Advent"** ang nararapat na saloobin sa pagdiriwang ng Pagdatal at Kapaskuhan. Hindi sa mararangyang handaan o mamahaling aginaldo matatagpuan ang tunay na diwa ng Pasko. Ang kapayakan ng Bethlehem ay sumasalamin sa lantay na pag-ibig ng Diyos na handang magkaloob ng sariling Anak alang-alang sa mga nilalang na sinisikil, pinahihirapan at ang buhay ay sinisira ng kasalanan at mapang-abusong kapangyarihan. Tinatawagan din tayo ng tema sa taong ito na magnilay at magsisi sa mga kasalanang nagagawa o sa pagwawalang-bahala na nagdudulot ng paghihirap o pagkasira ng buhay at sangnilikha. Gayundin, magdiwang tayo dahil sa pamamagitan ng pananalig kay Hesukristo ay makakamit natin ang kapatawaran, tapang at lakas upang talikdan ang kasalanan at mabuhay nang may kagalakang dulot ng pag-asa sa pagbabagong gagawin ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga anak.

Nawa po ang mga Pananambahan sa gabi man o sa araw ng Pasko ay magdala ng aral mula sa ating tema. Gayundin, ang mga Christmas Fellowships ay di lamang maging masaya kundi maging makabuluhan at magsalamin ng pagkilos alang-alang sa kapayapaan at pagbabago.

Maraming salamat po sa lahat ng may bahagi sa paghahanda ng gabay na ito sa pagdiriwang ng Pagdatal at Kapaskuhan sa pangunguna ng Christian Education Committee ng ating Komperensya.

Sumaatin ang kapayapaan, pag-asa at kagalakang hatid ng pagdatal ng Tagapagligtas.

Kapatid niyo kay Kristo,

REV. VICTOR L. PALLER
Conference Minister

Conference Theme:

"Spirituality for Mission"

PAUNANG SALITA

Ang panahon ng Pagdatal at ang Kapaskuhan ay bahagi ng taon na ating kinagigiliwan at sa mas malalim na pagtanaw bilang mga tagasunod sa isinilang na Mesiyas, ipinapaalala sa atin sa pamamagitan ng pagdiriwang na ito ang mensahe ng pag-asa, kapayapaan, kagalaka't pag-ibig na siyang kasabay na iniluwal sa pagsilang ng ating Manunubos.

Sa taóng ito, ang ating kumperensya, sa pamamagitan ng Christian Education and Nurture, ay muling nagbalangkas ng paksa para sa natatanging pagunita at pagdiriwang ng pagdatal at kapaskuhan. Ang paksa na ating gagamitin sa taong ito ay hango sa quadrennial theme ng UCCP "Spirituality for Mission" na nakabatay sa mga sumusunod na texto; Isaias 61:1-4; 65: Lukas 1: 67-79, 2: 8 – 20; 2: 25-32; 4: 18-19; 2 Pedro 1:21at Mateo 2: 7-12. Mula sa mga textong ito at kaugnay sa panahon ng pagdatal, sumibol ang temang "Spirituality of Advent" na kung saan ang pangkalahatang konsepto ay tumatalakay sa kalagayan na ang pagdatal ni Kristo ay naglalarawan ng matapat at masusing pagkilos, sa kapuspusan ng Banal na Espiritu, tungo sa tiyak ng kaganapan ng pagliligtas.
Bawat gabi ay may paksang bibigyang- diin upang lubos na mapagnilayan ang mahiwaga at makabuluhang diwa ng pagdatal ni Kristo bilang tagapagligtas ng sangkatauhan at tagapagtaguyod ng pagbabago sa sangnilikha.

PAGKILALA AT PASASALAMAT

Nais po naming ipaabot ang aming pagkilala at pasasalamat sa mga naging bahagi ng araling ito para sa pagdiriwang ng pagdatal at kapaskuhan. Ipinapaabot po natin ang pasasalamat sa mga sumusunod na mga manggagawa: Rev. Lilibeth Tauy-Tendero, Kap.Annie Ercia, Ptr.Biboy Oñate, Rev. Benny Mariñas, DM Joyce Letana- Rizal, at Rev. Ivie Francisquete.

Nawa ang mungkahing gabay na ito ay maging daluyan ng mensahe ng Diyos sa bawat isa sa atin at maging sa mga iglesia lokal, sa patuloy nating pagbibigay kabuluhan sa pagdatal ng Panginoong Hesus para sa sangnilikha.

Mapagpalang Pasko at Makabuluhang Bagong Taon!

Dec. 16, 2017

Paksa: Pangako at Kapahayagan ng Pagliligtas (Prophecy)
Teksto: Mikas 5: 2-5; Isaias 11: 1-5

Brief Background
Mikas 5
Ang aklat ni Mikas ay nasulat sa panahong malapit nang danasin ng bayan ng Juda ang kanilang kapahamakan. Ngunit ang mga pahayag ni Mikas ay nagbibigay ng palatandaan ng pag-asa sa hinaharap. Ang ika-limang kabanata ng Mikas ay hula tungkol sa pagdating ng isang dakilang Hari na magbubuhat sa lipi ni David at maghahatid ng kapayapaaan sa bansa.
Sa unang talata ay ipinakita ni Mikas ang pagkatalo ng Hari ng Jerusalem mula sa kamay ng kanilang kaaway, subalit sa mga sumusunod na talata, inilalarawan ni Mikas kung paano ang isang natatanging hari – ang Mesias- ay magdadala ng kalayaan at kapayapaan.
Sa kabanata 4: 3-4 inilarawan ni Mikas kung paano iiral ang kapayapaan sa daigdig, sa kabuuan, at sa kanilang bansa, sa partikular, na nagsasabi:
"*Siya ang hahatol sa mga bansa at magpapairal ng katarungan sa lahat ng lahi. Kung magkagayon, gagawin na nilang sudsod ang kanilang mga tabak, at karit ang kanilang mga sibat. Mawawala na ang mga digmaan at wala nang maghahanda para sa pakikipaglaban*".

Isaias 11
Tulad ni Mikas, si Propeta Isaias ay naghahatid din ng bagong pagtanaw na magdadala ng pagbabago sa katatayuan ng isang bansang namumuhay sa pagsuway at kawalan ng pagtitiwala sa Diyos. Sa kanyang pamamahayag, tinatawagan ni Propeta Isaias ang bayan na mamuhay ng may katuwiran at katarungan, upang hindi humantong sa kapahamakan at pagkawasak ang bayan. Hinulaan din ni Propeta Isaias ang pag-iral ng pandaigdigang kapayapaan at ang pagdating ng isang magiging huwarang hari buhat sa lipi ni David.

Points to Highlight
1. Binibigyang puwang ng Diyos ang mga maliliit at nasa abang kalagayan.
   Bethlehem Efrata - isang maliit na angkan ni Juda kung saan magmumula ang isang maghahari sa Israel.
   Ang kahulugan ng Efrata – "mabunga" (fruitful) – ito ay pangalan ng isang distrito sa Juda, kung saan ang Bethlehem ay nasa distritong ito.
   Ang mga pangalang Bethlehem, Efrata at Juda ay nagpapaalala tungkol sa pangalan ni Jesse, na ama ni David. Si Jesse ay nagmula sa Efrata, sa Bethlehem ng Juda gaya ng sinasabi sa 1 Samuel 17:12, "Si David ay anak ni Jesse na isang Efratita mula sa Bethlehem, Juda".
   - Pinili ng Diyos ang maliliit at halos hindi nakikilala at nakikita sa mundong ito upang higit na makita ang Kadakilaan, Kabutihan at pagkilos ng Diyos para sa pagbabago ng buhay ng mga tao at ng bansa.
   - Basahin ang mga kaugnay na talata:
     Hukom 6: 15; Juan 1: 46; 1 Corinto 1: 27-29. Mateo 2: 6

2. Ang Diyos ang pumipili at humihirang ng Kanyang mga lingkod

Mula pa rin sa talatang 2, bagama't sila ay maliit na bayan, ang Diyos ang siyang pumilli sa kanila at humirang mula sa kanila ng isang hari. Mula sa pagkilos ng Diyos, Siya ang pipili ng mga taong magiging daluyan upang ganapin ang kanyang layunin. Nalalaman ng Diyos ang tunay na damdamin, kalooban at hangarin ng tao, kaya't nalalaman Niyang ang kanyang mga pinipili ay maglilingkod at magtatapat sa Kanya, ayon sa Kanyang layunin. Ang pagpili ng Diyos ay hindi nangyayari sa madalian o panandaliang pagkakataon. Gaya ng kanyang pagliligtas, daang taon muna ang lumipas bago magkaroon ng katuparan ang hula ng pagdating ng isang Tagapagligtas. Subalit sa mahabang panahong iyon, tuloy-tuloy ang paghirang, pagtawag at pagpili ng Diyos ng mga taong magpapatuloy at kikilos tungo sa kaganapan ng kanyang layunin. May mga taong tinawag at pinili na nanatiling matapat, mayroon din namang nabigo at hindi naging kalugod-lugod, subalit napapagod ang Diyos na ipagpatuloy ang pagtawag. Sa kabila ng pagkasira at di pagtatapat ng mga piniling lingkod, nakikita na palaging nagtitira ang Diyos ng ugat o sibol sa mga lahi at liping Kanyang tinatawag. At mula sa mga ugat at sibol na ito, nagpapatuloy ang layunin at simulain ng Diyos.

3. Sa parehong talata, ang hangarin ng Diyos para sa Kanyang bayan ay makapamuhay ng may katapatan at kapayapaan. Ang dalawang ito ang katugunan sa kalalagayan ng tao na namumuhay sa kasalanan at kawalang pagpapahalaga sa Diyos at sa kapwa. Sa panahong ang bayan na pinili ng Diyos ay tumalikod at nagkasala laban sa Kanya, ang hinahanap sa kanila ng Diyos ay ang katapatan at ang mamuhay na may kapayapaan, sapagkat ito ang nakikitang pangunahing pagkukulang ng tao at nagiging dahilan ng kaguluhan at kawalang katarungan at kapayapaan.

Challenge

Ang pagdating o pagdatal ng Panginoong Hesus, ay naghahayag ng katangian ng Diyos at kung paano Siya kumilos sa pasimula hanggang sa kaganapan nito. Tunay na ang pagkilos ng Diyos ay hindi katulad ng ating pagkilos. Nagagawa ng Diyos na makita ang kahalagahan at kabuluhan ng mga maliliit at hindi kilalang mga tao para sa katuparan ng Kanyang simulain. Maging sa tala ng pagdatal ng Panginoong Hesus, ang mga maliit at hindi kilala sa lipunan ang unang nakaalam ng Kanyang pagdatal. Sa kanila unang binalita ang pagliligtas na gagawin ng Mesias sapagkat napakahalaga nito para sa kanilang kalagayan.

Ang Espiritualidad ng Pagdatal ay pagkilos ng Diyos upang ipakita at ipadama sa mga tao - sa mga maliliit, sa mga hindi napapansin, sa mga minoridad, sa mga nawawalan ng pag-asa – na ang Diyos ay naghahangad ng pagbabago at kapayapaan para sa kanila.

Tanong:

Ano ang iyong reaksyon nang malaman mo, ayon sa propesiya, na ang Mesias na Tagapagligtas ay galing sa isang maliit na bayan at mahirap na pamilya?

Dec. 17, 2017

Paksa: Panawagan sa Paghahanda (Preparation)
Teksto : Lukas 1: 5-13, 18-25, 67-80

Brief Background

Ang mag-asawang Zacarias at Elizabeth ay parehong nagmula sa angkan ni Aaron (Lukas 1:5) Si Zacarias ay anak ni Baraquias (Mat. 23: 35) o Joiada (2 Cronica 24:20). Siya ay Saserdote mula sa pangkat ni Abias, ika-8 mula sa 24 na pangkat na naglingkod sa templo. Si Elizabeth ay kamag-anak din ni Maria. Si Zacarias at Elizabeth ay biniyayaan ng Diyos ng anak na lalaki na pinangalanang Juan, sa kabila ng kanilang katandaan. Natagpuan silang kapwa kalugod-lugod sa paningin ng Diyos at namumuhay ayon sa mga utos at tuntuning mula sa Panginoon (Lukas 1:6) Ayon sa anghel ng Panginoon, na nagbalita sa kanila, ang kanilang anak ay magiging kalugod-lugod at dakila sa mga tao at lalo't higit sa Panginoon. Nasa sinapupunan pa lamang siya ng kanyang ina, mapupuspos na siya ng Espiritu Santo.

Dahil sa hindi makapaniwala si Zacarias na sila ay magkakaanak, siya ay nabingi at hindi nakapagsalita hanggang sa araw na naganap ang sinabi ng anghel ng Panginoon.

Sa talatang 67-80, nakatala ang hula ni Zacarias hinggil sa pagdating ng Makapangyarihang Tagapagligtas mula sa lipi ni David. Ang hulang ito ni Zacarias ay bunga ng pagpupuspos ng Espiritu Santo at nagawa niyang hulaan ang pagdating ng Tagapagligtas.

Points to Highlight

1. Ang paghahanda ay Bahagi ng pagdatal ng Tagapagligtas
   Ang paghahanda ay hindi nagaganap sa isang iglap at madaliang panahon. Sa pagdatal ng Panginoong Hesus, napakahabang panahon ang hinintay ng mga tao mula nang ito ay hulaan hanggang sa nagkaroon ito ng katuparan.
   Ang paghahanda ay hindi lamang usapin ng panahon, kabahagi din nito ay mga taong nagiging daluyan para sa pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos, ito ay maaaring indibidwal, pamayanan o sambahayan.
   Tumatawag ang Diyos ng mga tao na makakatuwang para sa katuparan ng Kanyang kalooban. Maaaring gawin ng Diyos ang lahat ng bagay dahil sa Kanyang kapangyarihan, ngunit minarapat Niyang maging kabahagi ang Kaniyang mga nilalang para sa pagsilang ng Tagapagligtas.

2. Ang pagiging bukas na makibahagi sa Paghahanda
   Ang anumang paghahanda ay hindi magkakaroon ng katuparan kung hindi magiging bukas ang sinumang tinawag na makibahagi.
   Sa bahagi ni Zacarias, Elizabeth at Juan, ibinukas nila ang kanilang sarili at buong pamilya para maisakatuparan ang layuning maging tagapaghanda ng daan para sa pagdating ng Panginoong Hesus. Hindi lamang isang tao, kundi ang lahat ng kaanib ng pamilya, ang nagbukas ng daan. Lahat sila ay nagkaroon ng bahagi sa katuparan ng layunin ng Diyos. Hindi nila ipinagkait ang kanilang bahagi, bagama't sa simula ay may pag-aalinlangan, subalit ito ay kanilang napagtagumpayan.

3. Sa paghahanda, mahalagang salik ang pagkilos ng Banal na Espiritu.
   Sa simula pa lamang ng pagpili ng Diyos sa mga taong magiging kabahagi Niya, kinakitaan na sila ng matatag at matapat na pananampalataya at paglilingkod. Gaya ng sinabi sa talata, ang pamilya ay naging kalugod-lugod sa Diyos at puspos ng Banal na Espiritu. Ang kanilang pagtatalaga ng sarili at pakikibahagi ay hindi magaganap kung hindi sila kinasihan ng Espiritu ng Diyos. Ang pananampalataya, pagkilala sa Diyos at pagpupuspos ng Banal na Espiritu ay mahalagang salik sa paghahanda sa gawain ng pakikibahagi. Kailanman, hindi makakaya ng taong sumunod at makibahagi kung mahina at mabuway ang pananampalataya.

Challenge

- Kung ikaw ay puspos ng Banal na Espiritu, anong maaari mong gawing pakikibahagi upang maging makabuluhan ang pagdiriwang ng pagdatal ni Kristo?

- Bilang pamilya, paano ninyo pinaghahandaan ang makabuluhang pagdiriwang ng pagdatal?

Dec. 18, 2017

Paksa: Daluyan ng Kaganapan ng Pagliligtas

Teksto: Roma 9: 21, 23-24; Lukas 1: 5-7; 21-25

Brief Background

Kapag pinag-usapan ang salitang daluyan, kaakibat nito ay ang pananaw ng pagpili at paghahanda. Sa Banal na Kasulatan, sinomang taong itinalaga ng Diyos na maging daluyan ng Kanyang pag-ibig at layunin, kasabay nito ay ang pagtawag at paghahanda. Kalimitan, ang tawag natin sa mga taong daluyan ng Diyos ay kasangkapan o instrumento. Sa kasaysayan ng Banal na Kasulatan, nakatala ang lahat ng mga tao; mga lingkod at pinili, na ginawang daluyan at kasangkapan o insturmento ng Diyos upang mabigyang katuparan ang Kanyang naising iligtas ang buong sandaigdigan.

Sa aklat ng Roma 9, ipinapaalaala ni Pablo na hindi lahat ng Israelita ay matatawag na tunay na anak o kabilang sa bayan ng Diyos, (not all who are physically descended from Jacob (Israel) are the true people of God in the spiritual sense). Ipinakita sa Banal na kasulatan na may mga pinili na mga tao o angkan mula sa mga ninuno o magulang sa pananampalataya, subalit hindi lahat ay itinuring na kabilang sa mga pinili. Halimbawa, si Abraham ay maraming anak at mga tagasunod na kasama sa pakikipagtipan sa Diyos subalit, ang tunay na mga tagasunod na tipan ay si Isaac lamang. Si Isaac ay mayroong dalawang (2) anak, subalit si Jacob, at hindi si Esau, ang naging tagapagmana ng pangako ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan na hindi makatarungan ang Diyos, subalit, dahil Siya ay Diyos, mayroon Siyang karapatang pumili at humirang ng mga tagasunod na tunay, tapat at kinakitaan Niya ng katangian na nararapat sa Kanyang layunin. Kaya't binabanggit sa aklat ng Roma, na ang Diyos ay magpapalayok na may karapatang gumawa ng isang kasangkapang mamahalin at isang kasangkapang mumurahin mula sa isang limpak ng luwad.

Sa pagtawag ng Diyos ng mga taong magiging daluyan o kasangkapan ng Kanyang layunin, maaari siyang tumawag mula sa mga Israelita at maaari din siyang tumawag mula sa mga Hentil.

Samantalang sa aklat ng Lukas, ipinakita dito ang pagpili ng lingkod ng Diyos sa katauhan ni Zacarias at Elizabeth, na bagamat parehong galing sa lipi ng mga Levita, ay hindi nagkaroon ng anak, bagay na dahilan ng pagkutya at paghamak ng mga tao sa kanila. Subalit, dahil sila ay kinakitaan ng katapatan, kinalukdan sila ng Diyos, naging kalugod-lugod sa Diyos, namuhay ng ayon sa utos at tuntunin ng Diyos, sila ay pinili at itinalaga upang maging daluyan ng kaganapan ng pagliligtas ng Diyos. Bunga din ng kanilang pagsunod at katapatan, sila ay biniyayaan ng Diyos ng isang anak na magiging tagapaghanda ng daan para sa pagdating ng Tagapagligtas. Siya ang nakatalagang mamahayag ng ministeryo ng pagsisisi at pagbabago upang ang mga natagpuang nagsisisi at nagbago ay maligtas sa pamamagitan ni Kristo.

Points to Highlight

1. Ang Pagtawag ng Diyos sa mga taong magiging daluyan ng Kanyang Pagliligtas

Ang Diyos ay tumatawag ng mga taong magiging daluyan ng Kanyang Pagliligtas.
Simula't sapul ang Diyos ay kumikilos na kasama ang mga taong Kanyang nilikha. Humirang siya ng mga taong matapat at kinakitaan ng mga katangiang karapat-dapat bilang mga lingkod. Karaniwan, ang tawag natin sa mga taong tinawag at pinili ng Diyos ay kasangkapan o instrumento. Sa aklat ng Roma, ang salitang kasangkapan ay ginamit upang ipahayag na tayong mga tao ay hinubog ng Diyos, tulad ng Magpapalayok, ayon sa Kanyang layunin at naisin. Napatunayan ito sa maraming mga talata sa biblia; tinawag ng Diyos ang pakikibahagi ng mga bayan, angkan, lipi o lahi, mga pamilya at indibidwal. Maging sa pagsilang ng Panginoong Hesus, maraming nabanggit na ginawang kasangkapan ang Diyos para sa katuparan ng kanyang pangako ng pagliligtas. Hangga't hindi pa nagiging ganap ang paghahari ng Diyos sa sanlibutan, magpapatuloy ang Kanyang pagtawag at pagpili ng mga matapat at karapat-dapat na mga tagasunod.

2. Ang inihandang Sisidlan (Vessel) para sa kaganapan ng Pagliligtas

Ang mga piniling daluyan ay hindi lamang nagiging kasangkapan, higit sa lahat, sila ay tinatawag na mga "sisidlan" o "vessel". Sa ibang salin ng Biblia, ang salitang sisidlan o vessel ang ginamit at hindi lamang basta kasangkapan. Magkaiba ang gamit ng kasangkapan at ng sisidlan. Totoong nakakapagpapakumbaba (humbling) ang gumawa at kumilos para sa Diyos dahil tayo ay Kanyang instrumento. Subali't ang pagiging instrumento natin ay nauuwi, kadalasan, sa sariling katanyagan at paglilingkod sa sarili (self-service). Marahil, kailangan nating tingnan ang aspeto na tayo ay sisidlan (vessel) ng layunin ng Diyos. Tayo ay nakatalaga sa Diyos at ang ating buhay ay sisidlan ng katangian ng Diyos, ng Kanyang karangalan at kapurihan. Dahil sisidlan tayo ng Diyos, tulad ni Zacarias, Elizabeth, Juan Bautista at maging ni Maria, ang kanilang sarili at buhay ay naging sisidlan ng kaganapan ng pagliligtas ng Diyos. Isinilid ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpupuspos ng Espiritung Banal, sa buhay ng mga pamilyang ito, ang kaganapan ng Kanyang layunin na inihanda na Niya bago pa man ang pagdating ng Panginoong Hesus.

3. Ang daluyan at sisidlan ay nakakatagpo din ng kahulugan at kabuluhan ng Buhay

Kadalasan, ang pagbibigay o pagkakaloob ay iniisip natin na kawalan para sa atin. Mahirap para sa atin ang magbigay o pagbahagi sapagkat sa ating kaisipan tayo ay nawalan o nabawasan ang anumang mayroon tayo. Subali't sa karanasan ng pamilya ni Zacarias, Elizabeth at Juan, ang pagiging daluyan ang nagdala sa kanila upang mas lalong mahayag ang kabuluhan at kahulugan ng buhay at pananampalataya. Sa bahagi ni Zacarias, sa kabila ng kanyang pag-aalinlangan na nauwi sa kanyang pansamantalang pagkabingi at pagkapipi, ay nahayag sa mga tao na siya ay nakakita ng pangitain, ibig sabihin, naranasan niya ang pagkilos ng Diyos sa kanyang buhay. Samantala, sa bahagi ni Elizabeth, sa loob ng limang buwan na pagkakakulong sa bahay, doon niya naranasan ang paglingap ng Diyos at pinagtibay niya na ang Diyos ang nagpalaya sa kanya sa kadustaan sa harapan ng mga tao. Si Juan Bautista, as kanyang pangangaral at pagkilos, buong kapakumbabaang nakita ang kababaan ng kanyang sarili sa harapan ng isang Tagapagligtas na kahit ang pagkalag ng tali ng mga sandalyas nito ay hindi siya karapat-dapat.
Sa kanilang mga karanasan, ang pagiging daluyan at sisidlan ay hindi naging isang natatanging karangalan o pribiliheyo, kundi ito ang nagpalalim at nagpalawak ng kanilang pagkaunawa sa kapangyarihan at kadakilaan ng Diyos. May katotohanan ang sinabi ni Pablo sa Roma 9, ang mga pinili na lingkod ay sisidlan para sa karangalan at kapurihan ng Diyos. At ito ay matapat na ipinahayag ni Zacarias at Elizabeth sa kanilang mga patotoo at pagpapatibay.

Challenge
Patuloy nating pagnilayan sa ating buhay, mula sa nakalipas at sa kasalukuyan, nagkaroon ka na ba ng pagkakataon na makita ang pagkilos ng Diyos sa buhay mo at tawagin ka na maging sisidlan ng Kanyang pagliligtas o anumang pagkilos niya na naghahayag ng kanyang layunin at adhikain para sa iyong kapwa? Paano mo ito tinugunan at ano ang naging kahulugan at kabuluhan nito sa iyong buhay pananampalataya at pagsaksi?

December 19, 2017

Paksa: Juan: Tagapaghanda ng Daan

Teksto: Lukas 1: 76-79, Lukas 3:1-20, Mateo 5:13-14

Brief Background

Si Juan ay nasilang sa panahon na kung saan ang lipunan na kanyang ginagalawan ay binabalutan na ng kadiliman, imoralidad, pananamantala at pang-aabuso ng kapangyarihan. Subalit ipinakita din dito kung paano makakamit ang kaganapan ng buhay at pag-asa ng kaligtasan.

Sa Lucas 1:67-79, ito ay isang awit na kung saan nagpapahayag ng kasiyahan sa kadakilaan ng Diyos sa buhay niya. Ito din ay tinatawag na Benedictus o Makarios, o Blessed (Happy), na nagdudulot ng kaligayahan dahil sa pagliligtas ng Diyos. Sa biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa kanya na hindi matutumbasan ng mundo, sa biyaya ng kaligtasan na tanging sa Diyos lang nagmumula. Pagpapahayag din ito ng Diyos sa Kanyang pagiging mabuti at tapat sa pangako kay Abraham na Kanyang ililigtas ang kanyang lipi. Ito din ay pagpapakilala sa kanyang anak na isisilang sa pangalan ni Juan,

na magiging tagapaghanda ng Daan. Tagapaghanda ng daan ng Mesiyas na isisilang na Siyang magiging tagapagligtas ng buong mundo, na sa Kanyang buhay, ministeryo, pagkamatay at muling pagkabuhay ay nahayag ang pag-ibig ng Diyos na nagdulot ng walang hanggang kagalakan, pag-asa at kaligtasan ng buong sangnilikha.

Sa Lucas 3:1-20, ito ang ministeryo ni Juan, na gaya ng sinambit ng kanyang ama na si Zacharias na siya ang mauuna sa Mesiyas; na maghahanda ng daan, mananawagan ng pagsisisi, at pagbabalik loob sa Diyos. Pagpapahayag ng pagsisisi ng buong mamamayan; lalo na ang nasa posisyon at kapangyarihan sa lipunan, na isakatuparan kung ano ang nakakalugod sa Diyos. Panawagan ni Juan na magbalik-loob sa Diyos para makamtan ang kaganapan ng buhay, na Siyang hangad ng Diyos para sa sangnilikha. Hangga't hindi nagbabalik-loob, nagsisisi, at nagtutuwid sa likong daan; na hindi nagpapairal ng patas, pantay, katarungan at kapayapaan ay magdadala ito sa mga tao sa tiyak na kapahamakan.

4. Points to Highlight

Ang simbahan katulad din ni Juan ay tagapaghanda ng daan, nangagaral tungkol sa pagsisisi at pagpapanibagong buhay. At bilang tagapaghanda ng daan, marapat lamang na ating pagnilayan kung tayo nga ba ay naging matapat sa ating gawain bilang tagpaghanda ng daan? Ito ang ating gampanin upang maging ganap ang kaligtasan ng sangkatauhan na siyang biyaya ng Diyos.

a. Ang simbahan ay tinatawagan na maging tinig ng Diyos sa lipunan.

Ang hinirang ng Diyos na maging asin at ilaw ng sanlibutan ay marapat na kakitaan ng paninindigan sa katotohanan, sa kung ano ang nararapat sa harapan ng Diyos at kung ano ang matuwid para sa kapakanan ng lahat. Tinatawagan din ang simbahan na maging boses ng Diyos, lalo na sa panahon na tahasang sinisira ang moralidad at dignidad ng buhay ng tao.

b. Ang simbahan ay tinatawagan na magsisi

Hindi kalian man magiging asin at ilaw ang isang simbahan kung hindi ito natututong magsisi. Ang pagsisisi ay mahalagang salik tungo sa bagong simula at pagpapanibagong ugnayan. Tinatawagan ang simbahan na magsisi mula sa pagiging komportable, kampante, at kawalan ng malasakit at paninindigan.

Ang pagwasak sa maling gawi at pagdagok ng kanyang puso na pinatigas at pinamanhid na ng kasalanan ay mahalagang kaparaanan o kapahayagan ng pagsisisi upang maging huwaran ng pag-ibig at katarungan sa lipunan.

Tulad ni Juan, ang simbahan ay dapat na manguna sa panawagan ng pagsisisi at pagbabalik-loob. Dalhin ang sambayanan sa makabuluhang pagbabago tungo sa paglilingkod at paghahayag ng paghahari ng Diyos.

Challenge

Ang Espiritualidad ni Kristo ay nahayag sa Kanyang pagparito sa lupa. Ang paninirahan Niya sa piling ng tao ay patunay ng kanyang layunin na ipadama ang pag-ibig at isagawa ang pagliligtas. Sa pamamagitan Niya ay maranasan ang kaganapan ng buhay at kaligtasan. Ang Espiritualidad ng pagdatal ni Kristo, na ipinahayag ni Juan, ay nagdulot ng bagong pag-asa at katiyakan sa mga tao.

Ang paghahanda ng daan ng Mesiyas, ay nangangailangan ng pag-aalay ng panahon, pagtatalaga ng sarili, ng buong pagkatao at dedikasyon sa paglilingkod sa

simbahan at sa komunidad na kinabibilangan. Tinatawagan din ang mga mananampalataya na manatiling tapat sa atas ng Panginoon, na ituon ang sarili na mamuhay ng matuwid at makatarungan bilang paghahanda sa pagdating ng Panginoon. Sama-sama tayo sa panawagan ng pagsisisi upang baguhin ang kalakaran sa ating lipunan- ang pagiging makasarili, pang-aabuso sa kapangyarihan, pandaraya at kawalang kapayapaan.

DECEMBER 20, 2017

PAKSA: Maria at Jose: Tagapagtaguyod ng Buhay
TEKSTO: Lukas 1:26-38, Mateo 2:13-15 1:18-25

BRIEF BACKGROUND

Ang paksang ito ay tungkol sa pagtataguyod ng buhay na nagbibigay daan upang magluwal pa ng panibagong buhay na may pakikipagtuwang at alalayan tungo sa buhay na mapayapa at may kaligtasan. Layunin ng Diyos na mapanatili ang buhay at maranasan ang kaganapan nito. Bahagi ng pagpapanatili ng buhay, ay ang hamon na ipagtanggol at itaguyod ito mula sa mga banta, panganib o anumang gawi na humahadlang sa pagpapanatili sa kabanalan ng buhay. Ang pagtawag kina Jose at Maria ay kaparaanan at halimbawa ng pagtalima at pagpapasakop sa layunin na ipagtanggol ang buhay tulad ng karanasan nang sanggol si Hesus.
Ang mga hakbang at pagpapasya nina Maria at Jose ay hindi pangkaraniwang gawi sa isang mapanghusga at makasariling lipunan. Bagama't naroon ang pangamba at pagbabalak ni Jose na hiwalayan si Maria at takasan ang nakahihiyang kalagayan, sa patnubay ng Diyos sa pamamagitan ng anghel, napagtagumpayan niya ang kaniyang takot at pangamba. Samantala, si Maria sa kabila ng kanyang kalituhan ay matamang nagnilay at malayang nagpasailalim sa layunin at kalooban ng Diyos, tanda ng kanyang kahandaang makibahagi sa anumang plano ng Diyos sa kanya at sa sangkatauhan.

POINTS TO HIGHLIGHT

1. Kapahayagan ng Pagtataguyod ng Buhay

Ang pag-aaruga, pagtatanggol, paggalang ng karapatan, pagbibigay ng kalayaan at pagpapaunlad ng sariling kakanyahan ay iilang kapahayagan lamang ng pagtataguyod ng buhay. Ang mga kapahayagang ito ay nagpapa-alala sa atin ng ating tungkulin at kaugnayan sa kapwa na siya ring ipinakitang halimbawa ng ating Panginoong Hesus. Kaya tayo bilang tagasunod ay tinatawagan na maging daluyan ng katuparan ng halimbawang ito.

2. Ang Pagtataguyod ng Buhay ay Gawain ng Lahat

Yamang ang buhay ay may kaugnayan sa isa't-isa, marapat lamang na kumilos ang lahat upang itaguyod ito, sapagkat walang buhay na umiiral ng hiwalay sa iba. Ang ginawa nina Maria at Jose ay matibay na palatandaan ng kanilang pagtutulungan at pakikibahagi upang ipagtanggol ang buhay ng sanggol at nang lumaon ay paunlarin ang kanyang kakanyahan at pananampalataya.

HAMON

Sa uri ng ating lipunan ngayon, paano mo maipapahayag ang pakikiisa sa pagtataguyod ng buhay?

DECEMBER 21, 2017

Paksa: Ang Pagdatal ng Kaligtasan kay Simeon: Dulot ay Pagsamba at Pagtugon

Teksto: Lukas 2:25-32

Mungkahing Imno: Lapit Haring Tunay (AIK #132) Ang Batang si Hesus (AIK#12)

Brief Background

Si Simeon ay isang lalaking may takot sa Diyos at naghihintay sa katubusan ng Israel. Isa si Simeon sa matapat na Judio na may masidhing pagnanais na makita si Hesus na siyang katuparan ng pagliligtas sa bayang Israel. Siya ay taong matuwid, kinasihan ng Espiritu Santo at naturuan ng Salita ng Diyos, kung kaya't siya'y pinagkalooban na makita ang Kaligtasan ng Diyos. Ayon sa tradisyon at kasaysayan siya ay nasa 113-taong gulang at may kahandaang harapin ang kamatayan pagkatapos niyang makita at maitalaga si Hesus, ang Tagapagligtas.

Ang katubusan ng Israel ay pag-asa ng Kaligtasan. Ang panalanging iyon ay tinugon kay Simeon nang makita niya si Hesu-Kristo sa templo. Ang pagkakita niya kay Hesus ay katiyakan ng pagliligtas na gagawin ng Diyos sa bayang Israel. Napakahalaga sa ating mga tao na makita ang Kaligtasan ng Diyos, si Hesu-Kristo, bago natin maranasan ang kamatayan.

Ang pagtugon ni Simeon sa pamamagitan ng pagsamba ay pagpapala niya sa Diyos sa pagtupad sa Kaniyang pangako at pagpapadala ng Tagapagligtas. Buong galak niyang pinuri ang Diyos na siya'y nabigyan ng pribilehiyong makita ang Panginoong si Hesu-Kristo.

Binibigyang Diin:

1. Ang buhay at pananampalataya ni Simeon ay nagpapahayag ng pagiging mabuting halimbawa bilang isang taong pinaghaharian ng Espiritu Santo, lalo na bilang saserdote. Mainam na taglayin ng mga Kristiyano ang pagnanais na matiyak ang katuparan ng kaligtasan ng Diyos.

2. Ang masidhing pagnanais na makita ang kaligtasan ng Panginoon ay tiyak na mararanasan at masusumpungan ng mga taong buong katapatang naghihintay sa Kaniyang pagdatal gaano man ito katagal o kahirap.

3. Ang taong tunay na nakasumpong ng kaligtasan ay naghahangad rin ng kaligtasan para sa iba, hindi man sila kabilang sa bayang pinili.

Hamon:

Bawat indibidwal ay binigyan ng pribilehiyong makita ang kaligtasan ng Panginoong Hesu-Kristo. Iba't-iba ang mga k'wento kung paano natin naranasan ang Espiritu Santo at ang pagkilos nito sa ating buhay. Kung tunay nating nakita o nasumpungan ang kaligtasan ng Panginoong Hesus:

a. Paano mo masasabi at maisasapamuhay na ang Espiritu Santo ay nananahan sa iyo?
b. Paano mo mahihikayat ang mga taong di kakitaan ng masidhing pagnanais na makita ang Kaligtasan ng Panginoon?
k. Bilang mga manggagawa at lider ng Iglesya, ano ang iyong batayan na naabot mo ang kaganapan ng pagiging isang manggagawa o lider ng Iglesya?

December 22, 2017

Paksa: Pastol at Pantas: Hamon sa Pagpili at Pagpapasya

Teksto: Mateo 2:7-12; Lukas 2:8-20

Mungkahing Imno: Sumabog Ang Balita (AIK# 383) Nagmula Sa Silangan (AIK#166)

Brief Background

Unang nahayag ang pagsilang ng Mesias sa pamamagitan ng pagpapakita ng anghel ng Diyos sa mga pastol. Bagama't sila ay itinuturing na aba at isinasantabi ng lipunan, sila naman ay 'di madaling mahikayat, mga karaniwang tao na walang panahon sa mga pantasya o kathang-isip, kung kaya't paniniwalaan ang kanilang sinasabi o nakikita na nagpapahayag ng kanilang katapangan. Ang kaparaanang ginawa ng mga pastol ay magpuri sa Diyos at ipahayag ang Kaniyang kadakilaan dahil sa lahat ng kanilang nakita at narinig. Mula sa kalalagayang aba sa lipunan, ang mga pastol ay nagkaroon ng pag-asa sa buhay na kanilang sinimulan sa pagkakita sa sanggol na si Hesus. Naroon ang pag-asang kaloob ng Mesias na Siyang nagligtas sa kanilang kaabahan sa lipunan. Ang mga pastol ay hindi nadaig ng takot, nagpuri sila at higit na pinili ang ipahayag ang Mabuting Balita.

Ang salitang pantas o mga matatalinong tao ay tumutukoy sa mga grupo ng mga dalubhasa sa pag-aaral ng mga bituin. Ang dahilan ng paglalakbay ng mga pantas, sa gabay ng mga tala, ay upang matagpuan ang isinilang na Hari ng mga Judio. Hinahanap ng mga pantas ang Hari, ngunit nagdulot ito ng takot kay Herodes, na siyang namumunong hari sa Judea nang isinilang si Hesus. Tuso at malupit si Herodes; kahit sariling pamilya ay ipinapatay mapanatili lamang ang kaniyang pagiging hari. Kung kaya't di nakapagtataka na ipapatay din niya si Hesus na Siyang tunay na Hari ng mga Judio. Bagama't palihim na pinatawag ni Herodes ang mga pantas at nagbilin na kapag nalaman nila ang kinaroroonan ng sanggol na si Hesus, ay ipaalam sa kanya ngunit iba ang naganap. Matapos masumpungan, magpatirapa at sumamba sa sanggol ang mga pantas, sila'y umuwi sa gabay at babala sa pamamagitan ng panaginip; sila'y nag-iba ng daan. Ang mga pantas ay 'di pumanig at nakiisa sa huwad na layunin ni Herodes at bukas sa pagsamba at pagkakaloob.

Binibigyang Diin:

1. Ang mga pastol at pantas ay may kinaharap na kalagayan na kinakailangang magpasya sa pagitan ng pagpapahayag ng pagsilang ni Kristo at ang kanilang sariling gawain o tungkulin.
2. Ang mga pastol at pantas ay kapwa nakaranas ng panganib at hamon sa buhay at buong tapang nilang hinarap ang mga balakid at hamon, maisakatuparan lamang ang layunin ng Diyos.

Hamon:

a. Anu-anong mga balakid at hamon ang pumipigil upang ang kaligtasan ay maranasan ng lahat?
b. Anong pangyayari sa iyong buhay na humamon sa iyong pagpapasya at katapangan?
c. Paano mo mapapanatili ang iyong katapatan sa paghahayag ng Mabuting Balita?

December 23, 2017

PAKSA: Katatagan Sa Gitna ng Panganib, Banta at Takot
(fear of separation, kahihiyan kung ano ang sasabihin ng lipunan)

TEKSTO: Lukas 1:79, 1:21-40 1:50-53, Mateo 2: 7-12

BRIEF BACKGROUND

Ang kapanganakan ng Mesiyas ay nagtataglay ng parehong banta at pag-asa. Sa mga manlulupig, nagpakasasa at umaabuso ng kapangyarihan, ito ay naghahatid sa kanila ng banta ng pagwawakas at kaparusahan mula sa kanilang di-makatuwirang pamamalakad at pakikipamuhay. Para naman sa mga pinagkakaitan ng katarungan at pantay na pagkilala, hatid ng pagsilang ni Kristo ay pag-asa at katatagan; pag-asa ng bagong simula at pagkakaroon ng tapat na kasama sa lahat ng karanasan at katatagan na kahit sa gitna ng di-kanais-nais, mapanghamak, di-ligtas at mapanganib na uri ng lipunan, higit na pinagtitibay at nanaig ang pagtitiwala kay Kristo na nagdudulot ng ibayong pagtatalaga ng buhay bilang kaisa sa gawain upang itaguyod ang buhay na malaya mula sa dahas at mga pang-aapi.

POINTS TO HIGHLIGHT

1. Ang Pananalig sa Diyos ay Mahalagang Salik Tungo sa Pagkakaroon ng Matuwid na Paninindigan at Katatagan Sa Buhay

Walang ibang pinagmumulan ang matuwid na paninindigan at katatagan sa buhay kundi buhat sa pananalig sa Diyos lamang. Ang buhay ng mga pantas ay patunay sa paksang ito. Bagamat sila ay tinagubilinan ni Herodes sa pamamagitan ng kanyang mapang-akit na pananalita na siya rin ay sasamba sa bagong silang na Mesiyas magbalik lamang ang mga pantas at ituro sa kanya ang daan, hindi nila ito ginawa. Sila, buhat sa kanilang pananalig sa Diyos ay nagtamo ng karunungan at mapanuring pag-iisip na siyang nagbigay rin sa kanila ng matibay na paninindigan upang salungatin ang tagubilin ni Herodes. Ang kanilang pagsalungat ay may katumbas na isang mahaba at di-pamilyar

na paglalakbay. Gayunpaman, pinanindigan nila ito bahagi sa pag-iingat at paraan upang ipagtanggol ang buhay ng sanggol.

2. Ang Pagtatalaga ng Buhay ay Simbolo ng Ganap na Pagpapasakop
Ang lubos na pagpapasakop ay hindi lamang humahantong sa pakikinig o pagkamangha sa pangungusap ng Diyos sa pamamagitan ng mga pangitain o sa pagdadala ng mensahe ng mga anghel. Ang ginawa nina Jose at Maria, mula pa sa simula, ay palatandaan ng ganap na pagpapasakop sa Diyos. Ang kanilang matiyagang pagdadala kay Hesus sa templo, pagtupad sa seremonya ng paglilinis at pagsagawa sa mga hinihingi ng kautusan ay pawang maliwanag na patotoo na hindi nila ipinagkakait at inalalayo ang sanggol sa gagawing misyon nito sa sangkatauhan. Bagama't naroon ang kanilang takot na kanilang daranasin ang matinding kapighatian (na inihalintulad sa patalim na itatarak sa kanilang mga puso, sabi ni Simeon) dahil sa misyon na bigyang kaganapan ni Kristo, higit pa ring pumapailanlang ang kanilang pagpapasakop upang italaga ang kanilang buhay bilang kabahagi at daluyan ng pag-aaruga ng may buong pag-ibig upang ihanda at italaga si Hesus sa gawain ng pagliligtas.

HAMON

Sa ating lipunan maraming boses ang ating napakikinggan, may mga papuri na nagbibigay kalakasan at mayroon din namang pawang panghahamak o panghuhusga lamang. Kung ganito ang ating kinalalagyan, huwag nawa nating makaligtaan na ang boses ng Diyos ay hindi nawawala at hindi nagbabago. Ang tinig ng Diyos ay tiyak, maliwanag, at nanatili upang hikayatin ang tao na maging katuwang Niya tungo sa pagdatal ng isang makatarungang lipunan.

Ikaw ba ay nasa karanasang puno ng panganib, banta at takot? Sa gitna ng ganitong kalagayan, nanatili bang matatag ang iyong ugnayan sa Diyos at sa iyong pamayanan?

DECEMBER 24, 2017

PAKSA: Ang Pagdiriwang ng Kaligtasan
(kagalakan, pag-ibig, kapayapaan at pag-asa) Anghel

TEKSTO: Mateo 2: 9-15, Lukas 2:1-7

BRIEF BACKGROUND

Tulad nina Jose at Maria na nakaranas ng maraming pagtanggi o hindi pagtanggap mula sa kawalan ng silid na masisilungan, kahit sila'y nasa emergency o sa kalagayang humihiyaw na sa kagyat at madaliang pagtugon sa kanilang pangangailan (dahil nga si Maria ay malapit ng manganak ng mga sandaling iyon), dagdag pa ang katotohanan na ang lugar na iyon ay bayang sinilangan ni Jose ngunit wala man lamang ni isa ang nagpatuloy sa kanila. Mula sa kalagayang ito, marapat lamang talaga na ipagdiwang ang kaligtasan. Napangibabawan nila ang mga pagtanggi, at napagtagumpayan

nilang mailuwal ang Mesiyas; unang yugto iyon ng kaligtasan, isang mahalagang kasaysayan ng hindi pang-iiwan. Nababakas rin ang gawaing ginampanan ng mga anghel mula pa sa paghahayag na magdadalantao si Maria hanggang sa mga kasunod na pangyayari. Bukod tangi sa pahayag ng anghel ang kagalakan at ang pagpapadaloy ng kapanatagan at pagtitiwala sa tuwing ang kanyang kausap ay nasa takot o nasa pag-aalinglangan.

POINTS TO HIGHLIGHT

1. Ang Pagdiriwang ng Pagdatal ay Pagdiriwang ng Sangnilikha

Ang payak na kahulugan ng sabsaban lakip yaong gumagabay na tala ay naghahayag ng mayamang mensahe na kung saan ang mga tao, hayop, at kalikasan ay pawang magkatuwang sa pagpapadaloy ng buhay at maging sa ikapagpapabago nito tungo sa kaayusan, katarungan at pagliligtas. Sa parehong diwa, ang lahat ng nilikha ay marapat lamang na magbunyi sa pagsilang ng Mesiyas dahil naisilang rin ang pag-asa na muling matatamasa ang pagsagip at pagpapalaya mula sa iba't-ibang wangis ng pananamantala at pagtanggi upang itaguyod ang buhay. Mula sa aklat ng Roma, isinasaad na ang buong sangnilikha at tumatangis at naghihintay din ng pagtubos at kaligtasan. Hindi lamang sangkatauhan ang naghihintay ng Manunubos, kundi ang buong sangnilikha. Ipinakita sa kasaysayan ng pagsilang ni Hesus, ang buong sangnilikha ay naging kabahagi at daluyan ng Kanyang pagdatal.

2. Ang Pagkakaisa sa Layunin at Tumugon sa Panawagang Makibahagi sa Pagliligtas

Mula sa iba’t-ibang tauhan o personalidad, lipi at mga antas sa lipunan, naroon at makikita ang kaisahan upang bigyang-daan ang pagdatal ng Mesiyas. Iba-iba nga ang pinagmulan, gayundin ang kani-kanilang kakayahan at reaksyon sa kanilang dapat gampanang bahagi, ngunit sila'y pawang pinagbigkis sa iisang layunin na maging kabahagi sa katuparan ng pagdatal ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagsilang ni Kristo. Anuman ang naging kalagayan at karanasan ng mga naging daluyan ng pagdatal ng Panginoong Hesus, iisa ang adhikain at layunin, ang magkaroon ng katuparan ang kalooban ng Diyos na makibahagi ang lahat sa pagliligtas na Kanyang gagawin.

3. Kasabay ng pagdatal ni Kristo ay ang paghahatid ng Kagalakan, Pag-ibig, Kapayapaan at Pag-asa Para sa Lahat

Ang kagalakan, pag-ibig, kapayapaan at pag-asa ay parehong nailuwal kasabay sa pagsilang ng Mesiyas. Nalusaw ang takot at kalungkutan mula sa mga pagtanggi at banta ng buhay, dumaloy ang pag-ibig at malasakit na ipagtanggol ang sanggol at iluwal ito ng may ibayong pag-iingat; lumaganap ang kapayapaan at sumilay ang pag-asa na sa kahit anumang mahihirap na kalagayan kaya itong pagtagumpayan kung naroon lamang ang pagtanggap at pagsagawa ng ating mga bahagi. Ang pagdatal ni Kristo ay nagkaloob ng mas malawak na saklaw ng kalalgayan sapagkat sinakop ng layunin ng Diyos ang malawak at malalim na katugunan as pangangailangan ng sangnilikha – ang kagalakan, pag-ibig, kapayapaan at pag-asa, na hindi kayang ibigay ng sanlibutan at ng mga pamunuan nito.

4. Ang Pagpapanatili sa Pagdiriwang ng Kaligtasan

Ang pagdalaw, pakikigalak, at pag-aalay ng handog nina Jose at Maria, ng mga pastol, mga pantas at ng mga anghel ay pasimula lamang sa paghahayag ng pasasalamat at pagdiriwang ng kaligtasan. Hangga't mayroong bukas na silid, gaano man ito kaaba, ay patuloy pa ring mababanaag ang katuparan ng kaligtasan; kaya't may dahilan at mananatili pa rin ang pagdiriwang! Gayundin naman, ito ay hamon sa atin, kung papaano tayo magdiwang. Kailangang ating pakalimiin na sa pagdiriwang ay may kaakibat na pananagutan upang hindi lamang maging taunan ang pagdiriwang ng buhay at kaligtasan kundi magiging isa itong kalagayan sa araw-araw na kung saan ang lahat ay magdadamayan at ipagtatanggol ang sinumang nakakaranas ng mga pagtanggi at banta sa buhay.

HAMON

Ano ang kongkretong kapahayagan ng kagalakan, pag-ibig, kapayapaan at pag-asa para sa lahat?

Paano at kailan ito magaganap sa buhay ng ating bansa at ng buong sambayanang Pilipino?